# Mensahe para sa Pasko 2017 at Bagong Taon 2018

Sinabi ng Panginoong Hesus:

> “Hihingan nga ng marami ang binigyan ng marami at hihingan nang higit ang pinagkatiwalaan ng higit.”
>
> (Lukas 12:48, RSVCE, galing sa Ebanghelyo sa Oktubre 25,2017)

Ang mga salitang ito ay rumaragasa sa aking puso.

Ako b aang tanging nakatanggap ng lubusan? Binigyan ng Diyos ang bawat isa ng misyon. At binigyan tayong lahat ng kinakailangang biyaya upang ito ay maganap.

Hindi ko mapigilang mamangha kung paano ko nagampanan ang gawaing ibinigay sa akin.

Ang pagbibitiw ko bilang Arsobispo ng Tokyo ay tinanggap at ang aking bagong buhay ay nagsimula. Ngayon ay handa akong ituon ang anuman ang aking mamagagawa bilang tawag sa akin.

Sabi ni San Pablo,

> ”na sa pananampalataya naging banal ang tao at hindi batay sa gawaing hinihingi ng batas”
>
> (Roma 3:28) at
>
> “nasa ilalim tayo ng kagandahangloob at hindi sa batas
>
> (Roma 6:15)

Ito ang mga salitang nais kong maglaan ng panahon na pagnilayan.

Ang pumasok sa isipan ko ngayong taon ay ginugunita ang ika-500 anibesaryo ng reporma ni Martin Luther.

Nagkaroon ng mga kaganapang paggunita sa Urakami Cathedral sa Nagasaki noong Nobyembre 23.

Si Luther ay isang paring Agustino at masigasig na monghe. Siya rin ay mapagdasal, palaging nagpinetensiya, nag-aral ng Eskriptura at nagturo. Subalit, kahit anong hirap ang pagsanay sa sarili at nagtrabaho, hindi mabura sa isipan na siya ay makasalanan sa presensiya ng Diyos. Hindi niya natanggap ang kaseguruhan na siya ay buong pinatawad ng Diyos.

Isang araw ay binigyan siya ng panayam na magturo ng Salmo, at naantig sa bersikulo ng Salmo:

> ”Panginoon, sa iyong katarungan palayain mo ako
>
> (Salmo 31:2).

Binasa ni Luther ang salin sa Vulgata (Latin). Para sa kanya “ang hustisya ng Diyos” ay isang marahas na pag-uugali sa paghusga sa kanya, at ang pakiramdam ng pagkakasala ay nagpapahirap sa kanya palagi dahil alam niya na siya ay isang tao na nahirapang amuhin ang Diyos. Ang bersikulo ng Salmo ay nagbigay inspirasyon sa kanya na maisip na “ang iyong hustisya” ay hindi para sa pagpaparusa sa atin kundi para mabigyan ng katuwiran sa atin, na ito ay biyaya ng Diyos na nagpapatawad at nagliligtas sa atin, at ito ay kinilalang kay Hesus. Hanggang siya ay gumawa ng isang gawaing hindi pangkaraniwan.

Ang orihinal na salitang Hebreyo ng “hustisya” ay “tsedeq” at “tsedaqah” na ang ibig sabihin ay ang Diyos ay nagliligtas at nagpapatawad, na Siya ay nagliligtas sa atin at hindi naghuhusga at nagpaparusa sa mga tao na ayon sa ating ginawa. Ang ganitong pagkakaintindi ni Luther ay naghantong sa isang bagong daan.

Ang dayalogo ng Simbahang Katoliko at Lutheran Church ay nagpapatuloy, nagkasundo sila sa pangunahing pagkaintindi ng pagbibigay ng katuwiran, na nagkaroon din ng ibat-ibang pagdiin at nagkaroon ng isahang deklarasyon.

Tayo ngayon ay nasa Japan, na may misyon na ipalaganap si Hesukristo, sa anong salita at paano natin Siya ipalaganap?

Sama-sama nating hanapin ang pinakamabuting paraan para ibahagi ang kanyang kapayapaan at pagliligtas sa mga taong nakikibaka, nagdusa at walang natirang pag-asang ikabuhay pa.

Habang kinakalembang ang Bagong Taon, panibaguhin natin ang ating pangakong makipa-ugnayan sa pamamagitan ng ating sariling salita at gawa kung paano ang Diyos ay nais na yakapin ang lahat na nag-alala, nagdusa at nabigatan sa paghahanap sa kahulugan ng buhay.

Advent 2017
Apostolikong Tagapamahala ng Diyosesis ng Saitama

Arsobispo Pedro Takeo OKADA